Thornhill Endoscopy Centre

MGA TAGUBILIN SA KONOSKOPYO

Lokasyon at Detalye: kami ay matatagpuan sa 390 Steeles Avenue West plaza, malapit sa restawran ng "Sababa". **Ang Paradahan ay libre**. Mayroon din kamin itinalagang mga lugar na paradahan sa harap ng aming klinika para sa pagbaba at pagsundo sa pasyente. **Mangyaring dumating nang 30 minuto bago ang iyong operasyon. Tiyakin na mayroon kang kausap upang ipagmaneho ka pauwi sa tahanan, dahil hindi ka makapagmamaneho sa loob ng 24 oras pagkatapos ng iyong operasyon. WALANG MGA BABAYARAN para sa mga pasyente na may balidong OHIP kard.**

Medikasyon: dalahin ang listahan ng iyong kasalukuyang medikasyon (o ang aktwal na bote ng tabletas) para sa iyong pagpapasuri. **Dapat mong inumin ang lahat ng iyong karaniwang medikasyon sa umaga kasabay ng pag-inom ng tubig (maliban** ang tabletas para sa dyabetis, Aspirin, Plavix, Coumadin, at Iron). **Itigil ang Aspirin** (at anumang kontra-pamamaga na gamot) **at Iron na tabletas 5 araw bago ang iyong pagsusuri. Kapag ikaw ay dyabetiko o umiinom ng pampalabnaw ng dugo** hal. Coumadin/Warfarin o Plavix), **dapat kang komunsulta sa iyong doktor tungkol sa iyong medikasyon bago ang iyong pagsusuri** (o tumawag sa iyong klinika para sa karagdagang tagubilin).

Nalampasan na Appointment: ang bayad na fee $150 ay sisingilin kapag **ang 72 oras na abiso sa pagkansela** ay hindi naibigay.

3 Araw bago ang Kolonoskopyo: HUWAG kumain ng mga pagkain na naglalaman ng mga buto, mani, o mais, o mga pagkain na mataas sa hibla.

Tinatanggap na Malinaw na Likido: sabaw/kaldo, dilaw o berde na Jell-O, tubig, katas ng mansanas, puting ubas/ katas ng cranberry, itim na kape /tsaa (walang gatas), salabat, sodang inumin, inumin tulad ng Gatorade (maliban sa pula, lila o kahel). Ang mga inuming pampalakasan ay lubos na inirerekomenda dahil naglalaman sila ng electrolytes kung saan makapipigil ito sa pag-aalis ng tubig at pagkalula. **Tandaan: Itigil ang Pag-inom ng Anumang Likido 3-4 na Oras Bago ang Iyong Pagsusuri**

MGA TAGUBILIN PARA SA PANG-UMAGANG APPOINTMENT

Araw bago ang Colonoscopy:

Walang solidong pagkain sa buong araw

Malinaw na Likido lamang – tingnan ang listahan sa itaas

Bago mag- 9am – Uminom ng 2 Tabletas ng Dulcolax

Inumin ang unang pakete ng PICO-SALAX sa ika- 5pm at isang tasa ng tubig. Pagkatapos sa susunod na 1-2 oras uminom ng 1.5-2 litro ng malinaw na likido

Inumin ang ika-2 Pakete ng PICO-SALAX sa ika- 9pm at isang tasa ng tubig. Pagkatapos sa susunod na 1-2 oras uminom ng 1.5-2 litro ng malinaw na likido

MGA TAGUBILIN PARA SA PANG-HAPON NA APPOINTMENT

Araw bago ang Colonoscopy:

Bago mag- 9am – Uminom ng 2 Tabletas ng Dulcolax

Bago mag-10am – mag-agahan ng kaunti

Pagkatapos ng 10am –Walang solidong pakain hanggang sa pagtapos ng pagsusuri, uminom ng Malinaw na Likido Lamang

Inumin ang unang pakete ng PICO-SALAX sa ika-7pm at isang tasa ng tubig . Pagkatapos sa susunod na 1-2 oras uminom ng 1.5-2 litro ng malinaw na likido

Araw ng Colonoscopy:

Inumin ang ika-2 Pakete ng PICO-SALAX sa ika-7am at isang tasa ng tubig. Pagkatapos ng susunod na 1-2 oras uminom ng 1.5-2 litro ng malinaw na likido

Sa oras na ikaw ay matapos sa iyong paghahanda, **sa kabuuan dapat kang uminom ng 3-4 na litro higit sa iyong karaniwan na iniinom na likido. Mahalaga na inumin ang dami ng malinaw na likidong ito kung hindi, ang iyong bituka ay hindi lubusan na malilinis**, at maaaring hilingin sa iyo ng iyong doktor na ulitin ang kolonoskopyo.